Pangkalahatang ideya ng produkto

# International Money Transfer Service

(Enero 1, 2021 Sa kasalukuyan)

**Pangalan ng Produkto**

International Money Transfer Service

**Alliance Partner**

Ang grupo ng mga kumpanya na kasapi ng The Western Union Company, isang kumpanyang base sa U.S. na may punong tanggapan sa 12500 East Belford Avenue, Englewood, Colorado 80112, U.S.A.

**Mga Kustomer na Maaaring Gumamit ng Serbisyo (Eligible Customers)**

Ang paggamit ng International Money Transfer Service ay limitado sa mga indibidwal na kustomer na tumutupad sa lahat ng mga sumusunod na kundisyon:

(1) Mayroong Seven Bank Account (Indibidwal)

(2) May edad na 18 taong gulang at pataas nang kanyang ipasa ang aplikasyon para sa International Money Transfer Service Agreement

(3) Pumasa sa naitukoy na pamantayan ng pagsusuri, at naaprubahan ng Bangko ang aplikasyon para sa International Money Transfer Service Agreement

**Probisyon ng Serbisyo (Provision of the Service)**

Ang Serbisyong ito ay nilalaan ng Bangko, at hindi serbisyong malayang nilaan ng alliance partner. Hindi alinman sa alliance partner, ang Payment Center o ang Bangko ng Tatanggap ay magiging partido sa anumang transaksyon sa pagitan ng Bangko at kostumer.

**Pagsasalarawan ng Serbisyo (Service Description)**

Pagpadala ng pera (na Japanese yen) sa mga indibidwal na naninirahan sa labas ng Japan (na tumutupad sa pamantayan ng pagsusuri ng Bangko at narehistro na ng kustomer sa Bangko bilang tagatanggap) sa salaping banyaga na itinakda ng kustomer.

* Hindi kasali sa serbisyong ito ang pagpadala ng pera sa mga hindi indibidwal (business entity/entity ng negosyo) o ang pagpadala ng pera mula sa labas o sa ibang bansa patungong Japan.

**Mga Layunin ng Pagpadala ng Pera (Purposes of Money Transfer)**

Limitado sa mga layunin na itinakda ng Bangko.

* Ang serbisyong ito ay hindi maaaring gamitin sa pagbayad ng import bills (pambayad para sa pamimili ng mga bagay/kalakal o serbisyo) o para sa mga pangkomersyal na layunin.
* Ang serbisyong ito ay hindi maaaring gamitin sa mga transaksyon na sakop ng anumang paghihigpit o limitasyon sa ilalim ng Foreign Exchange and Foreign Trade Act ng Japan (halimbawa: nangangailangang kumuha/kumumpleto ng paunang pahintulot, awtorisasyon, pag-apruba, abiso, o rehistrasyon sa gobyerno) kung saan kailangang tiyakin o kumpirmahin ng Bangko ang katuparan sa mga nabanggit na paghihigpit o limitasyon.

**Limitasyon sa Halaga ng Ipadadalang Pera (Transfer Limits)**

(1) Hindi lalampas sa ¥1 milyon kada padala, kada araw, kada buwan (mula sa unang araw hanggang huling araw ng bawat buwan)
Hindi lalampas sa ¥3 milyon kada taon (mula Enero 1 hanggang Disyembre 31)

(2) Ang mga padala sa iilang Payout Country ay maaaring sakop ng mas mababang limitasyon kaysa sa mga naibanggit sa (1) sa itaas.

**Bansang Padadalhan/ Matatanggap na Currency (Payout Country and Payout Currency)**

Itatakda ng kustomer mula sa mga bansa at mga salaping banyaga na itinalaga ng Bangko.

**Mga Limitasyon sa Pagpadala ng Pera (Restriction on Transactions)**

(1) Ang perang padala ng kustomer ay tatanggapin at ipoproseso ayon sa sakop at sa lawak na pinahihintulutan base sa mga paghihigpit sa mga transaksyon na nauukol sa mga layunin ng pagpapadala ng pera, mga limitasyon sa halagang ipinapadala, mga limitasyon sa bilang ng mga transaksyon, mga Payout Country, mga Payout Currency o mga matatanggap na currency, mga limitasyon sa bilang ng mga rehistradong tagatanggap, o anumang iba pang limitasyon na itatakda ng Bangko, ng alliance partner ng Bangko, ng mga Payment Center, o ng Bangko ng Tagatanggap.

(2) Bukod pa sa mga limitasyon sa (1) sa itaas, ang perang padala ng kustomer ay tatanggapin at ipoproseso ayon lamang sa mga limitasyong pinahihintulutan alinsunod sa mga limitasyon sa mga transaksyon na itinakda ng alliance partner ng Bangko, ng mga Payment Center nito, ang Bangko ng Tagatanggap, o mga batas at regulasyon ng Payout Country.

(3) Ang mga limitasyong naibanggit ay maaaring pagtibayin o baguhin nang walang paunang abiso sa mga kustomer.

**Mga Bayad at Singil (Fees and Charges)**

Mga bayad at singil para sa International Money Transfer Service

■Bayad sa Pagpadala (Transfer Fees)

| Halagang ipinadala | Bayad sa Pagpapadala | |
|---|---|---|
| | Paraan na Pagtanggap ng Cash (Cash Receipt Method) | Paraan na Pag-credit sa Account (Credit-to-Account Method) (Money transfer sa China at Pilipinas) |
| 1yen～ 10,000Yen | 990Yen | 2,000yen |
| 10,001Yen～ 50,000Yen | 1,500Yen | |
| 50,001Yen～ 100,000Yen | 2,000Yen | |
| 100,001Yen～ 250,000Yen | 3,000Yen | |
| 250,001Yen～ 500,000Yen | 5,000Yen | |
| 500,001Yen～ 1,000,000Yen | 6,500Yen | |

* Walang buwis sa pagkonsumo ang ilalapat sa mga bayad sa pagpapadala.
* Para sa pagpapadala ng pera gamit ang ATM ng Seven Bank, maaaring singilin ang mga ATM service fee na idadagdag sa singil sa pagpapadala, depende sa oras na ginamit ito.
* Kasama sa foreign exchange rates na ginamit sa palitan ng currency para sa Serbisyong ito ang tubo ng Seven Bank. Ang nasabing rate sa prinsipyo ay sasailalim sa pagbabago sa dalas na itinakda ng Bangko.

■Bayad sa Pag-issue ng International Money Transfer Statement (kasama ang buwis) (International Money Transfer Statement Issue Fee (incl. tax))

¥1,100 para sa isang kada taon na resibo

* Ang bayad na ito ay sisingilin sa kustomer kapag nais niyang mabigyan ng resibo na naglalaman ng anumang international money transfer o kaya ng panibagong kopya ng transaction slip.

**Singil sa Pagsauli ng Perang Padala (Transfer Reversal Fee)**

¥2,000 bawat pagsauli ng perang padala

* Walang buwis sa pagkonsumo ang ilalapat sa pagsingil sa pagsauli ng perang padala.
* Ang ¥2,000 ay ang singil sa bawat isang kahilingan ng pagsauli ng perang padala. Ang ¥2,000 ay babayaran ng kustomer kahit na hindi naisagawa ang pagsauli ng perang padala.

**Paraan ng Pagpadala (Remittance Method)**

(1) Ang kustomer ay kailangang sumailaim muna sa International Money Transfer Service Agreement ng Bangko sa pamamagitan ng pagrehistro ng mga kinakailangang impormasyon tungkol sa magpapadala ng pera (ang kustomer) at sa mga tagatanggap.

(2) Ang kahilingan na magpadala ng pera ay tatanggapin lamang kung ang pagpadala ng pera ay isinagawa sa alinman na mga sumunod na pamaraan.
● Sa pamamagitan ng Seven Bank cash card ng kustomer sa Seven Bank ATM
● Sa pamamagitan ng direct banking service

(3) Ang perang padala, bayad sa pagpadala, at ang iba pang mga singil at gastos para sa kahilingan na magpadala ng pera ay kailangang mabayaran muna bago maipapadala ang pera. Ang pera na pambabayad dito ay kukunin mula sa ordinary deposit ng kustomer oras na tanggapin ng Bangko ang kahilingan na magpadala ng pera, atbp.; hindi maaaring bayaran ng cash ang mga singil at gastos na nakatukoy dito.

* Hindi tatanggapin ang kahilingan na magpadala ng pera sa anumang service counter ng head office ng Bangko o sa mga sangay na opisina.
* Sa kabuuan, ang bawat kustomer ay maaaring magrehistro ng hanggang labindalawa na tagatanggap sa sistema ng International Money Transfer Service.
* Hindi maaaring gumamit ng mga agent card sa kahilingan na magpadala ng pera.
* Ang Money Transfer Control Number (MTCN), ang test question, ang sagot sa test question (na ibibigay para sa mga piling Payout Country), at iba pang mga detalye ng transaksyon ay kailangan para makuha ng tagatanggap ang perang padala. Samakatuwid, dapat pag-ingatan ng kustomer ang mga impormasyon na ito. Mangyaring huwag isiwalat ang anumang detalye ng transaksyon sa sinumang tao maliban sa tagatanggap. Walang pananagutan ang Bangko sa anumang pinsala na maaaring mangyari bilang resulta sa paggamit ng nasabing impormasyon ng sinumang ikatlong partido (maliban sa kustomer at sa taganggap).

**Paraan ng Pagtanggap ng Napadalang Pera (Pagtanggap ng pera in cash mula sa mga Payment Center, na tatawagin na "Paraan na Pagtanggap ng Cash" ) (Payment Receving Method (Receipt in cash at Payment Centers, hereinafter referred to as the "Cash Receipt Method"))**

(1) Ang perang padala sa pamamagitan ng serbisyong ito ay maaari lamang tanggapin o kunin sa mga Payment Center na matatagpuan sa Payout Country na itinakda ng kustomer sa mga oras at araw ng negosyo.

(2) Ang perang padala ay ibibigay sa tagatanggap na cash at sa itinakdang Payout Currency.

(3) Ang perang matatanggap ay ang halagang nakalkula mula sa naipadalang Japanese yen na napalitan sa katumbas nitong Payout Currency base sa nakatakdang foreign exchange rate ng Bangko nang tanggapin nito ang kahilingan na magpadala ng pera.

* Kung kailangang tukuyin ng kustomer ang Payout Country at ang partikular na estado o lungsod sa bansang iyon, maaaring hindi matanggap ng tagatanggap ang perang pinadala kung ang Payment Center na pinadalhan ng pera ay nasa labas ng tinukoy na estado o lungsod.
* Kahit na tinanggap na ng Bangko ang kahilingan na magpadala ng pera mula sa kustomer, maaaring posibleng hindi matanggap ang perang pinadala sa lahat o sa iilang mga Payment Centers na nasa Payout Country dahil sa mga limitasyon sa mga transaksyon ng alliance partner o ng angkop na Payment Center. Sa ganitong kaso, ang Bangko, sa maaabot na iyon, ay mapapalaya sa obligasyon nitong isagawa ang Money Transfer Transaction ayon sa mga kundisyong kinumpirma ng kustomer nang tanggapin ng Bangko ang Money Transfer Request o ang kahilingan nag magpadala ng pera.
* Upang matanggap ang perang pinadala, kailangang maibigay ng tagatanggap ang Money Transfer Control Number (MTCN), ang test question, ang sagot dito (na kailangan sa mga piling Payout Country), at iba pang mga detalye ng transaksyon, at tuparin ang anumang ibang hakbang na atas ng Payment Center (kasama rito ang pagpresenta at pagbigay ng mga dokumento at impormasyon na tinakdang hihingin ng Payment Center).
* Sa iilang Payout Countries, ang pagbayad sa tagatanggap ay maaaring maiproseso ayon sa mga kondisyong naiiba sa mga kinumpirma ng kustomer noong kanyang ipinasa ang kahilingan na magpadala ng pera, halimbawa, maaaring may sitwasyon kung saan: (1) ang pagpalit ng perang pinadala sa katumbas nitong Payout Currency ay ipatutupad sa exchange rate na itinakda ng Bangko sa mismong panahon ng pagbabayad o sa iba pang takdang oras ; (2) may mga buwis o iba pang mga singilin na ipapataw bago mabigay ang perang padala; at (3) ang perang nasa payment currency ay muling ipagpapalit sa iba pang currency at exchange rate na itinakda ng Bangko sa mismong panahon ng pagbabayad o sa iba pang takdang oras.
* Ang iilang mga perang padala ay maaaring kailanganing ipadala sa deposit account ng tagatanggap, mapalitan sa ibang currency maliban sa Payout Currency (kasama na ang pagpalit ng maliliit na halaga ng Payout Currency sa ibang currency), o iba pang hiwalay na transaksyon upang maisagawa ang nasabing pagpadala ng pera. Ang tagatanggap ang natatanging may pananagutan sa anumang nasabing hiwalay na transaksyon na isasagawa sa Payment Center. Hindi mananagot ang Bangko sa anumang nasabing hiwalay na transaksyon na ito anuman ang dahilan nito.

**Paraan ng Pagtanggap ng Napadalang Pera (Tanggapin sa pamamagitan ng pagkredit ng halaga sa Bank Account ng Tagatanggap, na tatawagin na "Paraan na Pagkredit sa Account") (Payment Receiving Method (Receipt by crediting the amount to the Receiver's Bank Account, hereinafter referred to as "Credit-to-Account Method"))**

(1) Ang mga bangko kung saan maaaring tanggapin ng tagatanggap ang mga perang padala ay nakatakda sa listahan ng mga tatanggap na bangko.

(2) Ike-kredit ang kaukulang halaga sa Bank Account ng Tagatanggap na inirehistro noong una ng kustomer (mula dito ay tutukuyin bilang ang "Bank Account ng Tagatanggap").

(3) Bilang pangkalahatang patakaran, isasagawa ang nasabing pagke-kredit sa bank account gamit ang Payout Currency.

(4) Bilang pangkalahatang patakaran, ang halagang matatanggap ay ang halagang nakalkula mula sa halagang ipinadala (na bayad sa Japanese yen) na ipinagpalit sa katumbas nitong Payout Currency ayon sa nakatakdang foreign exchange rate ng Bangko noong tinanggap nito ang kahilingan na magpadala ng pera.

(5) Walang pondo/halaga na ipadadala sa Pilipinas ang maaaring ipadala sa passbook account o checking account.

* Kahit na nakatalaga ang Paraan na Pagkredit sa Account, maaaring kailanganin ng kustomer o ng tagatanggap na magsagawa ng hiwalay pa na proseso upang maisagawa ang kaukulang pagbabayad depende sa Payout Country.
* Kung sa China isasagawa ang Paraan na Pagkredit sa Account, at unang beses palang ng tagatanggap na makatatanggap ng pera mula sa Bank Account ng Tagatanggap na itinakda ng kustomer, kailangang tumawag ang tagatanggap sa alliance partner ng Bangko at ibigay dito ang MTCN (Money Transfer Control Number). Bukod pa rito, matapos makumpleto ang unang transaksyon sa naitakdang Bank Account ng Tagatanggap, ang tagatanggap ay maaari pa ring tawagan sa telepono ng alliance partner para humingi ng kumpirmasyon tuwing may isasagawang transaksyon.
* Kung sakaling may mali sa mga detalye ng perang padala, tulad ng numero ng Bank Account ng Tagatanggap, maaaring ma-kredit ang pera sa maling account. Dahil dito, dapat laging suriin mabuti ang mga detalye ng padala upang matiyak na tama ang mga ito. Kung ang Paraan na Pagkredit sa Account ay isasagawa sa Pilipinas, ang numero ng account lamang ang susuriin upang matiyak na ito ay tugma sa Bank Account ng Tagatanggap na itinakda ng kustomer, at wala nang ibang hakbang ang isasagawa upang matiyak na tumutugma ang may-ari ng account sa pangalan ng tagatanggap. Dahil dito, kapag gagamitin ang Paraan na Pagkredit sa Account sa Pilipinas, importante na tiyaking tama ang numero ng Bank Account ng Tagatanggap. Higit pa rito, hinihikayat na lubos na mag-ingat sa pagrerehistro ng impormasyon ng tagatanggap.

| | |
|---|---|
| **Kanselasyon ng Pagpadala ng Pera (Cancellation of Money Transfer)** | (1) Maaari lamang magkansela ng transaksyon ng perang padala kung hindi pa naisasagawa ang pagbabayad ng pera sa tagatanggap (kung ang napiling paraan ng pagpadala ay ang Paraan na Pagtanggap ng Cash). Bilang pangkalahatang patakaran, ang mga nadeposito na pera sa Bank Account ng Tagatanggap (para sa deposito sa bank account) ay hindi na maaaring kanselahin.<br>(2) Sa Paraan na Pagtanggap ng Cash, kung ang perang pinadala ay hindi natanggap ng tagatanggap sa loob ng 30 araw mula sa petsa na tanggapin ng Bangko ang kahilingan na magpadala ng pera, kaagad na kakanselahin ng Bangko ang pagpadala ng pera na walang paunang abiso.<br>(3) Bukod sa mga nabanggit, maaaring kanselahin ng Bangko ang tinanggap nitong kahilingan na magpadala ng pera na walang paunang abiso kung maganap ang alinman sa mga itinakda nitong pangyayari.<br>(4) Kung nakansela ang pagpadala ng pera, bilang pangkalahatang patakaran, hindi buo, ngunit bahagi lamang ng kabuuang pera na tugma lamang sa halaga ng perang mismong ipinadala ang ibabalik sa ordinary deposit ng kustomer.<br>* Ang paghiling ng kanselasyon ng pagpadala ng pera na isinalarawan sa (1) sa itaas ay tinatanggap sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono; sa kundisyon na hindi tatanggapin ang paghiling ng kanselasyon kung ang nasabing kanselasyon ay ipinagbabawal sa angkop na mga batas o regulasyon, o kung ang nasabing kanselasyon ay tinanggihan ng alliance partner ng Bangko.<br>* Sa alinman sa mga kasong na isinalarawan sa (1) hanggang (3) sa itaas, ang pangkalahatang prinsipyo ay ang mga naibayad na sa pagpadala at ang ibang mga singil at gastos na kaugnay dito, ay hindi na ibabalik; gayunpaman, kung kinumpirma ng Bangko na hindi maaaraing tanggapin ng tagatanggap ang perang pinadala sa alinman sa mga Payment Center na nasa Payout Country o hindi nito makekredito ang halaga sa Bank Account ng Tagatanggap sa mga kadahilanang hindi maisisisi sa kustomer o tagatanggap, ang natatanging prinsipyo ay kakanselahin nalang ng Bangko ang pagpadala ng pera at nitong ibabalik ang buong halaga ng pera, ang mga naibayad, at ang ibang mga singil at gastos na natanggap mula sa kustomer.<br>* Ang nabanggit na pagbalik ng pera ay maaaring abutin ng apat o higit pang araw ng negosyo. Ang pagbalik ng pera ay maaaring hindi posible kung limitado ito sa ilalim ng mga angkop na batas o regulasyon.<br>* Hindi aabisuhan ang kustomer tungkol sa pagpapatupad<br>* Hindi aabisuhan ang kustomer tungkol sa pagpapatupad ng kanselasyon na inilarawan sa (2) sa itaas. |
| **Pagsauli ng Perang Padala (para sa Paraan na Pagkredit sa Account) (Transfer Reversal (for the Credit-to Account Method))** | (1) Dapat makumpleto at maipasa ng kustomer ang natakdang form sa pagsauli ng perang padala ng Bangko upang maisagawa ang pagsauli ng perang padala. Sa pagpasa ng nasabing form, maaaring atasan ng Bangko ang kustomer na magpasa ng mga kaukulang dokumento ng Bangko para sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan o magbigay ng guarantor.<br>(2) Kapag humingi ng pagsauli ng perang padala ang kustomer, kailangang niyang bayaran ang itinakdang bayad para sa pagsauli ng perang padala ng Bangko sa perang Japanese yen. Ang pagbabayad na ito ay isasagawa sa pamamagitan ng account transfer mula sa ordinaryong deposit account ng kustomer, at hindi na niya kailangang magpasa ng hiwalay na form. Hindi tatanggapin ng Bangko ang pagbayad ng cash sa bayad para sa pagsauli ng perang padala.<br>(3) Kung hindi pumayag ang tagatanggap, hindi maaaring isagawa ang pagsauli ng perang padala. Kung hindi pumayag ang tagatanggap, dapat talakayin at ayusin ng kustomer ang isyu sa tagatanggap. Tandaan na kung sakali ganito ang naging sitwasyon, hindi rin maisasauli sa kustomer ang binayad na halaga para sa pagsasuli ng perang padala.<br>(4) Maaaring hindi maisagawa ang pagsauli ng pera dahil sa pagtanggi ng Bangko ng Tagatanggap o dahil sa anumang mga paghihigpit alinsunod sa mga batas at ordinansa ng nauugnay na bansa o dahil sa anumang mga hakbang na ipinapatupad ng pamahalaan, korte o anumang iba pang pampublikong institusyon. Sa ganitong sitwasyon, hindi mananagot ang Bangko sa anumang mga pinsala na mangyayaring kaugnay nito. Bukod pa rito, hindi isasauli ng Bangko ang binayad na halaga para sa pagsauli ng perang padala.<br>* Sa pagsasagawa ng pagsauli ng perang padala, isasauli lamang ang perang padala kapag ito ay natanggap na ng Bangko mula sa alliance partner. Gayunpaman, maaaring hindi buo ang maisasauli na pera, dahil ito ay naka depende sa nakatakdang exchange rate sa oras nang isinauli ang perang padala. Bukod pa rito, bilang pangkalahatang patakaran, hindi isasauli sa kustomer ang perang itinakdang pambayad sa pagpapadala at iba pang mga singil at gastos para maisagawa ang pagpadala ng pera.<br>* Pakitandaan na maaaring may sitwasyon kung saan kailanganin ng Bangko ng mahabang panahon para pagdesisyunan at pagpasiyahan kung papayagan nito ang kahilingan na pagsasauli ng perang padala at sa pag-abiso sa kustomer hinggil sa pasya nito. |
| **Pagbabago sa Kahilingan na Magpadala ng Pera (Change to Money Transfer Request)** | Hindi tatanggapin ng Bangko ang anumang karagdagang pagbabago sa kahilingan na magpadala ng pera.<br>* Kung may nais baguhin ang kustomer sa kanyang kahilingan na magpadala ng pera, dapat niyang kanselahin ang naunang kahilingan na magpadala ng pera o ang kahilingan na isauli ang perang pinadala, magrehistro ng bagong tagatanggap kung kailangan, at magpasa ng bagong kahilingan batay sa bagong impormasyon. |
| **Pagtigil, Suspensyon ng Paggamit ng Serbisyo, at Iba pa (Termination, Suspension of Use of Service, etc.)** | Kung mangyari ang alinman sa mga itinakdang dahilan, maaaring itigil ng Bangko, nang walang paunang abiso, ang International Money Transfer Service Agreement, suspendihin ang paggamit ng kustomer ng International Money Transfer Service, o kanselahin ang rehistrasyon ng lahat o alinman sa mga nakarehistrong tagatanggap. |
| **Bilang ng mga Araw na Kinakailangan upang Matapos ang Proseso ng Pagkekredit (Paraan na Pagkredit sa Account)** | Itatakda ng Bangko ang bilang ng mga araw na kailangan upang kumpletuhin ang proseso ng pagkekredit ng kaukulang halaga sa Bank Account ng Tagatanggap. |



| | |
|---|---|
| **Iba pang Nakakatulong na Impormasyon (Other Helpful Information)** | ● Ang "Payment Center" ay anumang service center ng ahente, sub-agent, o kahit sinomang kaanib ng alliance partner ng Bangko na siyang naghahawak ng mga operasyong may kinalaman sa pagtanggap ng bayad para sa mga transaksyong pagpapadala ng pera.<br>● "Ang Bangko ng Tagatanggap" ay ang pinansyal na institusyon (kung saan may account ang tagatanggap) na itinakda ng kustomer kapag siya ay magpapadala ng pera sa pamamagitan ng International Money Transfer na transaksyon sa Paraan na Pagkredit sa Account.<br>● Ang mga detalye ng transaksyon ay maaaring makita sa pamamagitan ng direct banking service o maaaring kumpirmahin sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.<br>● Ang mga karagdagang detalye tungkol sa International Money Transfer Service ay makikita sa website ng Bangko o maipapaliwanag sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono (kapwa sa wikang Hapon at Ingles, sa kalahatan).<br>● Ang mga puntong tatandaan sa paggamit ng International Money Transfer Service ay nakasalarawan sa "International Money Transfer Service Terms and Conditions" at sa Product Overview na makikita sa website ng Bangko. Kung nais mabigyan ng nakasulat na kopya ng dokumentong ito sa pamamagitan ng koreo, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono. Mangyaring maingat na basahin ang mga dokumentong ito at siguraduhin na nauunawaan ang mga detalye ng International Money Transfer Service.<br>● Maaaring kailanganin ang mga transaction statement o slips sa pagbabayad ng buwis ng kustomer, at sa iba pang sitwasyon, kaya ang mga ito ay dapat ingatan. |
| **Nakatalagang mga Organisasyon sa Paggawa ng Resolusyon sa Hindi Pagkakaunawaan (Designated Dispute Resolution Organizations)** | Japanese Bankers Association<br>Customer Relations Center<br>Telepono: 0570-017109 o 03-5252-3772<br>Araw ng serbisyo: Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga national holiday at mga araw na sarado ang mga negosyo)<br>Oras ng serbisyo: 9:00 hanggang 17:00 |

* Ang nasa itaas ay nasa wikang Tagalog na pagsasaling-wika mula sa bersiyong Hapon, na hinanda para lang madali para sa kustomer. Kung may anumang pagkakaiba sa pagitan ng dalawa, mananaig ang bersiyong Hapon. Ang bersiyong Hapon ay nakapaskil sa website ng Bangko at ipadadala sa pamamagitan ng koreo kung hiningi sa pamamagitan ng pagkontak sa Customer Center.

■Maaari mong suriin ang impormasyon tungkol sa International Money Transfer Service gamit ang app o sa website na pinapakita sa ibaba.

## International Money Transfer Service App

### [Mga pangunahing gamit]

・International Money Transfer Service
・Balance inquiry
・Mga setting ng notipikasyon para sa money transfer rate
・Chart ng Tanungan ng Exchange Rate
・Suporta sa video
・Paghahanap ng mga bayad center
・Function ng Tawag
・"Account application with Operator support" function

### [Paano I-download ang App]

Maaari mong hanapin ang "SEVEN BANK Money Transfer" sa App Store / Google Play at pagkatapos ay i-download ang app.

## Website

### [Paano Maghanap]

Seven Bank international money transfer | Maghanap